KIDS GOD WORSHIP
www.kidworship.kr

# Ang pag Gawa

– 1st Story –




4Page

**NAR** Nang simulang likhain ng Diyos ang langit at lupa, Ang lupa ay wala pang hugis at anyo. Tanging dilim at kalaliman ang bumabalot sa mundo. Tanging and Diyos lamang ang naroroon. Isang Araw, Nagsalita ang Diyos.

**Diyos** “Magkaroon ng Liwanag!”

**NAR** At nagkaroon nga ng liwanag. Nasiyahan ang Diyos sa kanyang nakita, Kaya tinawag niyang “araw” ang liwanag at “Gabi” naman sa dilim. At iyon ang unang araw.
Sa pangalawang araw, nagsalita muli ang Panginoon.

---




5Page

**Diyos** “Magkaroon ng langit at tubig.”

**NAR** At nangkaroon nga ng langit at tubig, at ito’y napakaganda. Sa pangatlong araw, tinipon ng Diyos ang Tubig sa isang lugar at hinayaang matuyo ang lupa.

---




6Page

**Diyos** “Magsama sa isang lugar ang tubig upang lumitaw ang lupa!”

**NAR** Pagkatapos sinabi ng Diyos “Magkaroon ng halaman at mga bulaklak” at nangyari nga ito. Nasiyahan ang Diyos sa kanyang nakita. Sa pang apat na araw, Sinabi ng Diyos.

---




7Page

**Diyos** “Magkaroon ng araw, buwan at bituin sa langit!”

**NAR** Kaya tuwing sisikat ang araw, at nagliliwanag at tuwing gabi nama’y, ang buwan at bituin ay nag liliwanag ng na–pakaganda, Ang nilikha ng Diyos ay tunay na napakaganda. Sa ikalimang araw, Sinabi ng Diyos.

---



8Page

**Diyos** “Magkaroon ng ibing lumilipad sa himpapawid, at magka–roon ng mga isda sa tubig!”

**NAR** Magkaroon ng sa tubig ng maraming bagay na may buhay, at magkaroon din ng mga ibon sa himpapawid.

N A R Sa ikaanim na araw, sinabi ng Diyos magkaroon ng lahat ng lahat ng uri ng hayop sa lupa.

Diyos “Magkaroon ng lahat ng bagay na may buhay sa lupa!”

N A R At nankaroon nga ng mga hayop ayon sa kanilang uri. Malalaki at malalakas na elepante, Maliliit at napakagan–dang mga kuneho, pati narin ang mga matatapang na mga tigre. Lahat ng mga hayop na ito ay sinasamba ang Diyos. Lubos na nasiyahan ang Diyos.



9Page

N A R Sa wakas, Ginawa na ng Diyos ang tao na ayon sa Kanyang wangis. Ginawa niya ang tao gamit ang alikabok na galing sa lupa, at binigyan ito ng buhay. Ang unang tao na ito ay si “Adan”. Ang sabi ng Diyos sa kanya.

Diyos “DiyosHumayo kayo at magpakarami; Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga nabubuhay dito sa lupa.”

N A R Sa ikapitong araw, natapos na ng Diyos ang kanyang trabaho, kaya’t Siya’y nagpahin Kaya binasbasan niya at Ginawang banal ang ikapitong araw, Ganuon din sa mga anak ng Diyos, gawing kapahingahan ang araw Linggo at ialay ang araw na ito para sa Diyos.